# Seksyon 1557: Pagtiyak na May Epektibong Komunikasyon at Accessibility ang Mga Indibidwal na may Mga Kapansanan

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon para sa mga karapatang sibil ng Affordable Care Act of 2010 (Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010). Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng bayad mula sa Medicaid; Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa mga naturang Marketplace; at anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS.

Mga Proteksyon para sa Mga Indibidwal na may Mga Kapansanan

- Alinsunod sa mga kasalukuyang kinakailangan, inaatasan ng Seksyon 1557 ang mga sinasaklaw na entity na magsagawa ng mga naaangkop na hakbang upang matiyak na ang komunikasyon sa mga indibidwal na may mga kapansanan ay kasingepektibo ng komunikasyon sa ibang tao. Kung kinakailangan para sa epektibong komunikasyon, inaatasan din ng Seksyon 1557 ang mga sinasaklaw na entity na magbigay ng mga naaangkop na dagdag na tulong at serbisyo, gaya ng mga alternatibong format at sign language interpreter.

- Ang mga sinasaklaw na entity ay dapat magpaskil ng isang abiso tungkol sa mga karapatan ng mga indibidwal, kung saan makakakita ng impormasyon tungkol sa tulong sa komunikasyon bukod sa iba pang impormasyon.

- Inaatasan ang mga sinasaklaw na entity na gawing accessible ang lahat ng programa at aktibidad, na ibinibigay ng mga ito sa electronic na paraan at sa pamamagitan ng information technology, sa mga indibidwal na may mga kapansanan maliban kung magdudulot iyon ng mga problemang pampinansyal o pang-administratibo, o isang malaking pagbabago sa uri ng programa o aktibidad na pangkalusugan ng sinasaklaw na entity.

- Ginagamit ng Seksyon 1557 ang 2010 Americans with Disabilities Act Standards for Accessible Design (Mga Pamantayan para sa Accessible na Disenyo ng Batas para sa Mga American na may Mga Kapansanan ng 2010) bilang mga pamantayan nito para sa aktwal na accessibility ng mga bagong tayo o na-renovate na gusali at pasilidad. Halos lahat ng sinasaklaw na entity ay inaatasan nang sumunod sa mga pamantayang ito.

- Hindi maaaring gumamit ang mga sinasaklaw na entity ng mga kasanayan sa marketing o benefits design (disenyo ng mga benepisyo) na may diskriminasyon sa mga may kapansanan.

- Kung kinakailangan, dapat gumawa ang mga sinasaklaw na entity ng mga makatuwirang pagbabago sa mga patakaran, kasanayan at pamamaraan ng mga ito upang maging pantay ang access ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa access ng ibang tao, maliban kung mapapatunayan ng sinasaklaw na entity na magdudulot ng malaking pagbabago sa uri ng programa o aktibidad na pangkalusugan ang pagsasagawa sa mga naturang pagbabago.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, bisitahin ang http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557.